Illinois Environmental Protection Agency
Abiso sa Panahon ng Pampublikong Komento
2024 Draft Enhanced Public Participation Plan

Ang Illinois Environmental Protection Agency (Illinois EPA o Ahensiya) ay tumatanggap ng mga pampublikong komento sa 2024 Draft Enhanced Public Participation Plan (Draft Plan) nito. Ang pampublikong abiso na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon sa Draft Plan at mga tagubilin kung paano magsumite ng mga komento at humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang Draft Plan ay makukuha sa https://epa.illinois.gov/public-notices/general-notices.html o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Illinois EPA sa isa sa mga paraan sa ibaba.

Paano Magsumite ng mga Komento

Banggitin ang "***Public Comment 2024 Draft Enhanced Public Participation Plan***" sa iyong kahilingan. Ang punto ng pakikipag-ugnayan ng Ahensiya ay **si Paulina Lopez-Santos**, Office of Environmental Justice.

Address ng Koreo:
115 S La Salle St. Suite 2203
Chicago, IL 60603

Email Address :
EPA.OEJ@illinois.gov

Telepono: (312) 832-2182 – kung hindi available, mangyaring mag-iwan ng voicemail.

Ang mga pampublikong komento ay dapat matanggap nang hindi lalampas sa **11:59 PM sa Nobyembre 8, 2024**. Ang mga komento ay dapat isulat at ipadala sa address ng koreo o e-mail address na nakatala sa itaas. Maaari ding magkomento sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono sa itaas. Magagamit ang mga serbisyong pangwika nang libre sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Office of Environmental Justice.

Maikling Background

Noong Pebrero 14, 2024, boluntaryong pumasok ang Illinois EPA sa isang Informal Resolution Agreement (IRA) kasama ang US Environmental Protection Agency (US EPA) para lutasin ang isang reklamo sa karapatang sibil tungkol sa pag-isyu ng Illinois EPA ng air construction permit para sa isang metal shredder na nasa Southeast Side ng Chicago. Sa ilalim ng IRA, ang Illinois EPA ay nangakong rebisahin ang ilan sa mga plano at patakaran nito, kabilang ang 2018 Enhanced Public Participation Plan nito.

Inilalatag ng 2024 Draft Plan ang mga layunin ng pampublikong pakikilahok ng Ahensiya at binabalangkas ang isang freymwork ng mga tool at estratehiya para sa pinahusay na pagsisikap sa pakikilahok ng publiko na maaaring iayon sa mga programa at aktibidad ng Illinois EPA. Pinatitibay ng 2024 Draft Plan ang pangako ng Illinois EPA na tiyaking natutugunan ng Ahensiya ang mga obligasyon nito nang walang diskriminasyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa karapatang sibil.

Para sa karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa pakikilahok ng publiko, ugnayan sa komunidad, at hustisya sa kapaligiran, mangyaring bisitahin ang webpage ng Office of Environmental Justice ng Illinois EPA at ang webpage ng Office of Community Relations.